

Mga Diskarte sa Paglaban sa mga Naapektuhang Wisdom Teeth

Isang Posibleng Banta

Ang wisdom teeth, kilala rin bilang mga ikatlong bagang, ay matatagpuan sa pinakadulo ng iyong mga itaas at ibabang panga. Kadalasang tumutubo ang mga ito kapag ikaw ay 17 hanggang 25 taong gulang.

Gayunpaman, ang haba ng buto sa panga ng isang makabagong tao ay napakaikli para sa isang wisdom tooth upang lumabas nang maayos. Sa ganoong kaso, maaaring mabarahan ang wisdom tooth o bahagyang lumabas, at maging isang naapektuhang wisdom tooth.

wisdom tooth naapektuhan sa isang anggulo



ikatlong bagang
(wisdom tooth)

wisdom tooth naapektuhan nang pahalang



ikatlong bagang
(wisdom tooth)

Maaaring mag-iba-iba ang direksiyon ng epekto, karamihang sa isang anggulo o pahalang. Maaari ding mag-iba ang lalim ng epekto sa loob ng buto ng panga. Habang tahimik na nabubuo ang wisdom tooth, maaari itong magsimula ng serye ng mga problema sa bibig nang walang paunang babala.

Mga Pamamaraan ng Paggamot

Kaso 1: Ganap na nakabaon ang wisdom tooth

Ang ngipin ay ganap na nakabaon sa buto ng panga ngunit hindi lumilikha ng anumang tanda o sintomas.

Naapektuhang wisdom tooth na walang sintomas



Paggamot: Panatiliing minamanmanan para sa anumang tanda ng pagbabago. Karaniwan, hindi kailangan ang pagbunot.

Kaso 2: Bahagyang tumubo ang wisdom tooth

Maaari itong maging sanhi ng isa o marami sa mga sumusunod na problema sa ngipin:

Problema 1: Paulit-ulit na Impeksiyon ng Gilagid

Madaling sumisingit ang mga labi ng pagkain at bakteryang plaque sa puwang sa pagitan ng korona ng wisdom tooth at sa nakapatong na gilagid, na nagreresulta sa impeksiyon ng mga tisyu ng gilagid (pericoronitis). At, kadalasang nakakagat ng nakasalungat na ngipin ang may impeksiyon at namamagang nakapatong na gilagid, na ginagawang mahirap gumaling ang impeksiyon. Kadalasang nangyayari ang impeksiyon ng gilagid sa wisdom teeth ng mga ibabang panga.


impeksiyon ng mga tisyu ng gilagid
(pericoronitis)



Mga karaniwang sintomas:

- ◆ Namumula, namamaga at malambot na gilagid, tumatagas na nana
- ◆ Mahirap ibuka ang bibig, mabahong hininga

Pamamaga ng mukha kaugnay
ng impeksiyon ng gilagid




Malulubhang sintomas:

- ◆ Masakit at namamagang mga kulani, lagnat, pamamaga ng mukha

Problema 2 :Pagkasira ng Ngipin

Magreresulta ang pag-atake ng asido sa naapektuhang bahagi ng ngipin sa pagitan ng wisdom tooth at ng ngipin sa harap sa pagkasira ng ngipin sa lugar


nasisira ang naapektuhang wisdom tooth at ang kalapit nitong ngipin



Problema 3: Tahimik na Pagkasira

- ◆ Maaaring humantong ang presyur ng pag-epekto ng wisdom tooth sa paglagom ng ugat ng ugat ng kalapit na ngipin.
- ◆ Maaaring mabuo sa isang bukol ang follicle ng wisdom tooth.


paglagom ng ugat ng ikalawang bagang



Iba pang Dahilan na Isasaalang-alang

- ◆ Dapat isaalang-alang ang pagtanggap ng wisdom teeth para sa mga kadahilanang orthodontic o para sa mga taong kailangan ang radiotherapy ng ulo o leeg.
- ◆ Kung kailangang bunutin ang salungat na ibabang wisdom tooth, dapat tanggalin ang itaas na wisdom tooth upang maiwasang magsanhi ito ng mga problema dahil sa sobrang pagtubo.

sobrang pagtubo ng itaas na wisdom tooth



ikatlong bagang(wisdom tooth)

Paggamot: Tanggalin ang bahagyang tumubong wisdom tooth at magkaroon ng kapayapaan ng isip.

Siyasatin ang mga Hadlang sa Paggamot!

- ◆ Mahal--- Mas maaga mo itong ginamot, mas kaunti ang kailangan mong gastusin. Patuloy na ipagpaliban hanggang lumitaw ang mas malulubhang problema, magiging mas kumplikado ang paggamot, mas maraming oras at mas mahal.
- ◆ Masakit, Maraming alalahanin---Ito ang mga hadlang na sikolohikal. Kapag may lumitaw na mga problema, talagang masakit ang malulubhang pananakit.
- ◆ Pag-iwas---Harapin ang katotohanan na magdudulot ng mga problema ang walang katiyakang wisdom teeth. Mas nagagawa nang maaga ang paggamot.

Saan Hihingi ng Tulong?

Kapag mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong wisdom teeth, dapat kang kumunsulta sa iyong dentista. Maingat niyang susuriin ang mga kondisyon ng iyong mga ngipin matapos ang masusing pagsusuri ng ngipin at gilagid at X-ray. Malinaw niyang ipapaliwanag ang iyong mga kondisyon, ang mga paraan ng pamamahala at paggamot. Kung kailangan ang pagtanggali ng mga ngipin, titiyakin din niya na ganap mong nauunawaan ang mga sangkot na panganib at ang kinakailangang pangangalaga pagkatapos.



Kumilos Ngayon!

Kumunsulta sa iyong dentista tungkol sa iyong naapektuhang wisdom teeth at iwasan ang anumang posibleng pagdurusa ngayon.